Mga　Pag-iingat sa Sakuna dulot ng malakas na Snow

Sa kapanahunan malakas ang snow maraming sakuna ang nagaganap,tuwing nag-aalis ng snow sa mga lugar tulad ng bubungan ng bahay na maaring ikahulog o matabunan ng snow.O di kaya maipit ang braso at paa sa snowplow　na ginagamit pang alis ng snow.
Naririto ang mga ilang bagay upang maiwasan ang mga sakunang nagaganap tuwing malakas ang snow.

※ Upang di matabunan ang bahay sa malakas na isnow,kailangan tanggalin ang naipon na isnow.
※ At kung sakaling mag-aalis ng isnow sa bubungan,kailangan maging handa sa pag-akyat tulad ng paggamit ng lubid na siyang nakatali sa katawan kung ano at anuman ang mangayari,magsuot din ng bagay na di nakakadulas.
※ Humingi　ng tulong sa kapit bahay kung hindi kaya at huwag pilitin mag-isa ang pag-alis ng snow.
※ Sa paggamit ng isnowplow kailangan din ng malaking pag-iingat upang maiwasan ang pagkaipit o pagkahulog.At kailangan din siguraduhin kung walang mga bagay na nakaharang o tao sa paligid sa pag-alis ng snow.Ganoon din alamin ang kalagayan ng lupa.
※ Kapag nagbara ang isnow sa　isnowplow patayin ang makina at siguraduhin huminto na ito bago alisin ang bara.
※ Kapag napuno ng isnow ang bubungan,bago ito alisin siguraduhin na hindi maaapektuhan ang linya ng gas.Ganon din ating siguraduhin hindi lang ang ating sariling bahay ganoon din ang linya ng gas ng kapit-bahay na maaring matabunan ng isnow.
　Sa mga panahon ng mga　kalamidad ating alamin kung saan maaring tumawag ukol sa linya ng gas.
※ Sa mga sasakyan na nabaon sa isnow,maaring malason sa carbon monoxide kapag nabarahan ang pasingawan nito.Sa pagkakataong ito siguraduhin walang bara sa pasingawan bago paandarin ito.

Mga pamamaraan ukol sa Kalamidad sa lalawigan ng Fukushima
〒960-8670 Fukushima　Prefecture Sugitsuma Cho 2-16
Tel:024-521-7194
Fax:024-521-7920
Email:saigai@pref.fukushima.jp